
MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION
EQUITY AND EXCELLENCE

2023




SERYE NG IMPORMASYON NG MAGULANG

Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon sa Maryland:

# Proseso ng Espesyal na Edukasyon


Proseso ng Espesyal na Edukasyon
Mga Karapatan ng Magulang
Pag-unawa sa IEP
Paglipat sa Sekundarya



# PANIMULA

**Ang Gabay sa Pamilya Para sa Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon sa Maryland ay bahagi ng Kapanganakan hanggang 21 na Serye ng Impormasyon ng Magulang (Birth through 21 Parent Information Series),** isang koleksyon ng mga publikasyong idinisenyo upang suportahan ang mga pamilya sa pambuong estadong sistema ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa Maryland. Sa booklet na ito, nais ka naming tanggapin sa isang komunidad ng mga dedikadong propesyonal, at gabayan ka sa prosesong ginawa ng batas ng pederal at estado upang suportahan ang tagumpay ng iyong anak at tulungan ang iyong pamilya.



# TALAAN NG MGA NILALAMAN


pahina 4

**Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon**

pahina 5

**Ano ang Espesyal na Edukasyon?**

pahina 6

**Proseso ng IEP ng Maryland**

pahina 11

**Checklist para sa mga Magulang**

pahina 13

**Paano Kung May mga Tanong Ako o Kailangan ko ng Tulong?**


Para sa karagdagang impormasyon bisitahin kami sa

**www.marylandpublicschools.org**

# Welcome sa **Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon sa Maryland**

**May mahalagang papel ang mga magulang sa pag-aaral ng kanilang anak.** Totoo ito lalo na para sa mga magulang ng mga bata na may mga kapansanan. Alam mo kung ano ang kinagigiliwang gawain ng iyong anak at kung saan sila nahihirapan. Nakikinita mo kung ano ang gagawin ng iyong anak sa susunod na taon at sa sandaling makatapos sila ng pag-aaral.

Kapag ang iyong anak ay may kapansanan at nangangailangan ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, mahalagang malaman mo ang tungkol sa proseso ng espesyal na edukasyon. Ikaw ang pinakamahusay na tagapagtaguyod ng iyong anak. Kapag naunawaan mo ang proseso ng espesyal na edukasyon, makakatulong ito sa iyo na epektibong makipagtulungan sa pangkat ng Individualized Education Program (IEP) ng iyong anak. Makakatulong ito sa iyong anak na maging matagumpay sa paaralan at sa labas. IKAW ay bahagi ng pangkat na gumagawa ng mga desisyon tungkol sa edukasyon ng iyong anak. IKAW ay may kadalubhasaan at kaalaman na kailangan ng pangkat ng iyong anak.

Ang booklet na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng proseso ng espesyal na edukasyon sa Maryland. Bibigyan ka rin nito ng mga payo upang maunawaan ang iyong tungkulin sa proseso at kung paano ka maghanda para sa mga pagpupulong.

# Ang **Isinasaad** ng Batas

## Ano ang IDEA?

**Ang Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan (IDEA, Individuals with Disabilities Education Act) ay isang pederal na batas na nagtitiyak ng mga serbisyo sa mga karapat-dapat na batang may mga kapansanan sa buong bansa.** Pinamamahalaan ng IDEA kung paano nagbibigay ang mga estado at pampublikong ahensya ng maagang interbensyon at espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo sa mahigit 7.2 milyong karapat-dapat na mga sanggol, maliliit na bata, at mga bata at kabataang may mga kapansanan. Nagbibigay ang Estado ng Maryland ng tuluy-tuloy, komprehensibong sistema ng mga pinag-ugnay na serbisyo para sa mga karapat-dapat na bata mula kapanganakan hanggang sa edad na 21 na may mga kapansanan.

# Ano ang **Espesyal na Edukasyon?**

**Ang espesyal na edukasyon ay espesyal na idinisenyong pagtuturo upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng iyong anak.** Ang espesyal na edukasyon ay hindi lugar o klase, ito ay serbisyo. Maaaring kabilang dito ang mga kaugnay na serbisyo tulad ng terapiya sa pagsasalita, pagpapayo, o pisikal na terapiya. Ito ay ibinibigay nang walang bayad sa pamilya at maaaring maganap sa iba't ibang mga kalagayan. Ang bawat bata na tumatanggap ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon ay may karapatan sa Libreng Angkop na Edukasyong Pampubliko, o FAPE (Free Appropriate Public Education). Nangangahulugan ito na walang bayad ang mga serbisyo na ibibigay sa iyong anak. Ang mga serbisyo ay nakabatay sa mga partikular na pangangailangan ng iyong anak. Ang layunin ay para umunlad ang iyong anak sa paaralan at maging handa para sa buhay sa labas ng paaralan.

# Child **Find**

Ang mga sistema ng paaralan sa Maryland o mga ahensya ng lokal na edukasyon (LEA, local education agencies) ay dapat hanapin, tukuyin, at suriin ang mga bata, mula pagkapanganak hanggang edad na 21, na nangangailangan ng espesyal na edukasyon. Kabilang dito ang mga bata na:

- Nag-aaral sa tahanan;
- Nasa mga pribadong paaralan;
- Walang tirahan;
- Migrante o palipat-lipat;
- Mga ward ng estado; o
- Pinaghihinalaang may kapansanan kahit na sila ay pumapasa sa bawat baitang.

**Ang tungkulin ng (mga) magulang:** Makipag-ugnayan sa direktor ng espesyal na edukasyon o tanggapan ng Child Find sa iyong sistema ng paaralan kung ang iyong anak ay hindi naitala sa sistema ng pampublikong paaralan. Kung ang iyong anak ay nasa pampublikong paaralan, maaari kang makipag-ugnayan sa punong-guro o sa guro ng iyong anak.

# Proseso ng IEP ng Maryland **May tungkulin ang magulang sa bawat hakbang**

## Referral/Pagsusuri

Kung sa tingin mo ay maaaring may kapansanan ang iyong anak, dapat kang humingi ng pagpupulong ng pangkat ng Individualized Education Program (IEP) upang pag-usapan ang iyong mga alalahanin. Pinakamabuting gawin ang kahilingan, sa pamamagitan ng sulat, sa punong-guro o sa guro ng paaralan. Maaari din na gumawa ng referral ang guro kung mayroon silang mga alalahanin.

Iimbitahan ka ng paaralan sa isang pulong upang talakayin ang iyong mga alalahanin at suriin ang magagamit na impormasyon. Susuriin ng pangkat ang impormasyon sa pagganap sa silid-aralan, mga pagtatasa ng estado, mga resulta ng pagtatasa ng lalawigan, impormasyong ibinigay mo, at anumang iba pang nauugnay na impormasyon.

Ang mga resulta ng pagpupulong na ito ay maaaring: (1) Walang pinaghihinalaang kahinaan sa edukasyon; walang kinakailangang aksyon; (2) walang pinaghihinalaang kahinaan sa edukasyon sa ngayon, magpatupad ng pormal o impormal na mga interbensyon at suriin ang datos sa loob ng natukoy na yugto ng panahon; (3) may paghihinala ng kahinaan sa edukasyon at kailangan ng karagdagang impormasyon; o (4) may sapat na impormasyon upang matukoy ang pagkakaroon ng kahinaan sa edukasyon.

Anuman ang mga resulta ng pagpupulong, makakatanggap ka ng nakasulat na paliwanag na tinatawag na Paunang Nakasulat na Paunawa (PWN, Prior Written Notice) kasunod ng pagpupulong at bago ipatupad ang alinman sa mga rekomendasyon. Makakatanggap ka rin ng isang dokumento na tinatawag na Mga Pamamaraang Panangalang mo upang ipaalam sa iyo ang iyong mga karapatan sa pagpapatuloy.

## Ang Proseso ng IEP




**Ang tungkulin ng (mga) magulang:**
Kung hindi ka makakadalo sa isang pagpupulong ukol sa IEP sabihin agad sa paaralan upang ma-schedule muli. May impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa imbitasyon. Sa pagpupulong, ibahagi ang iyong mga alalahanin at anumang ulat mula sa mga doktor o iba pa na maaaring nagbigay sa iyo ng impormasyon.

# Ang **Imbitasyon sa Pagpupulong**

**Makakatanggap ka ng imbitasyon nang hindi bababa sa 10 araw bago ang anumang pagpupulong ukol sa IEP. Ito ang magsasabi sa iyo ng layunin ng pagpupulong, kung sino pa ang naimbitahan at ang kanilang tungkulin o titulo sa trabaho.** Kabilang rin dito ang oras, petsa at kung saan ang pagpupulong. Ang mga pagpupulong ay dapat na i-schedule nang magkakasama.

Makakatanggap ka rin ng kopya ng anumang mga dokumento na pag-uusapan sa pagpupulong nang hindi bababa sa 5 araw bago ang pagpupulong.

Sabihin sa paaralan sa lalong madaling panahon kung hindi ka makakadalo sa pagpupulong at kailangan itong i-schedule muli. Maaari mong piliing dumalo sa pagpupulong nang virtual o sa pamamagitan ng telepono kung hindi ka makakadalo nang personal.

# Ang **Pangkat ng IEP**

### Kabilang sa mga Pangunahing miyembro ng Pangkat ng IEP Core ang:

- Mga magulang;
- Guro sa pangkalahatang edukasyon ng bata;
- Guro ng espesyal na edukasyon ng bata;
- Tagapangasiwa o itinalaga;
- Tagasuri na maaaring magbigay-kahulugan sa mga resulta ng mga pagtatasa;
- Ang mag-aaral, kung naaangkop; at
- Iba pang mga indibidwal na may kaalaman tungkol sa mag-aaral na inimbitahan ng mga magulang o Local Education Agency (LEA) o Pampublikong Ahensya (PA, Public Agency).

Kung walang pangkalahatang tagapagturo ang mag-aaral, dadalo ang isang guro sa antas ng baitang kung mayroong anumang posibilidad na ang bata ay maisama sa mga kapantay na walang kapansanan.

## Pagsusuri at Pagtatasa

Kung kailangan ng karagdagang impormasyon upang matukoy ang pagkakaroon ng kahinaan sa edukasyon, magrerekomenda ang pangkat ng mga pagtatasa sa lahat ng larangan ng pinaghihinalaang epekto.  Ang mga kawani ng paaralan ay gagamit ng iba't ibang uri ng mga pagtatasa at mga estratehiya sa pagkuha ng impormasyon upang maunawaan ang mga pangangailangan at kakayahan ng iyong anak.

Titingnan ng pangkat ang:

- kasalukuyang datos at mga resulta ng pagtatasa;
- impormasyon mula sa iyo, ang (mga) magulang;
- mga pagtatasa sa silid-aralan, sa buong estado, at distrito;
- mga obserbasyon sa silid-aralan; at
- impormasyon mula sa mga guro.

**Ang tungkulin ng (mga) magulang:** Maaaring hilingin sa iyo na kumpletuhin ang mga survey, check list o iba pang papeles. Punan ang mga ito at agad ipadala pabalik. Magtanong kung kinakailangan, at sundin ang mga direksyon.

Susuriin nila ang alalahanin sa lahat ng larangan. Maaaring kabilang dito ang panlipunan emosyonal at pag-uugali, akademya, pangkalahatang pagsusuri sa pag-iisip, pagsasalita at wika, at mga kasanayan sa pagkilos. Ang impormasyong nakuha ay makakatulong na magtakda ng panimulang lugar para sa kung ano ang magagawa ng iyong anak kung kwalipikado sila para sa mga serbisyo.


Magkakaroon ng isa pang pagpupulong sa loob ng 60 araw pagkatapos matanggap ang nakasulat na pahintulot para sa mga pagtatasa upang suriin ang mga resulta at matukoy ang pagiging karapat-dapat ng iyong anak para sa mga serbisyo. Makakatanggap ka ng kopya ng lahat ng resulta ng pagtatasa at anumang mga dokumento na tatalakayin nang hindi bababa sa 5 araw bago ang pagpupulong.

## Paano Kung Hindi Ako Sang-ayon sa Pagsusuri?

Kung hindi ka sumasang-ayon sa mga resulta ng pagsusuri, maaari kang humiling ng

Independent Educational Evaluation (IEE) na gagastusan ng publiko, o humiling ng pamamagitan o pagdinig ukol sa nararapat na proseso upang malutas ang iyong hindi pagkakaunawaan.

Ang IEE ay pagsusuri na nakumpleto ng isang tao sa labas ng sistema ng paaralan. Ang paaralan ay maaaring sumang-ayon sa iyong kahilingan para sa pagpopondo o tumanggi at maghain para sa Pagdinig ukol sa Nararapat na Proseso sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang kahilingan. Maaari ka ring makakuha ng IEE sa sarili mong gastos. Dapat isaalang-alang ng pangkat ng IEP ang lahat ng pagsusuri sa labas kapag gumagawa ng mga desisyong pang-edukasyon ng iyong anak. Tingnan ang booklet ng Mga Karapatan ng Magulang sa seryeng ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga pagpipilian sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan.





## Ano ang Mga Kategorya ng Kapansanan para maging Karapat-dapat sa Espesyal na Edukasyon?

- Autism
- Bingi-Bulag
- Pagkaantala ng Paglaki
- Emosyonal na Problema
- Kapansanan sa Pandinig kabilang ang pagkabingi
- Kapansanang Intelektwal
- Maramihang Kapansanan
- Sakit sa Buto
- Iba pang Kapansanan sa Kalusugan
- Partikular na Kahinaan sa Pagkatuto
- Kahinaan sa Pagsasalita ng Wika
- Traumatikong Pinsala sa Utak
- Malabong Paningin


## Pagpapatupad ng IEP

Ang IEP ay parang kontrata. Ang mga tuntunin ay dapat igalang; samakatuwid, dapat malinaw na maunawaan ang mga ito. Mahalagang tiyakin ng pangkat na ang bawat bahagi ng IEP ay malinaw na natukoy, at bawat miyembro ng pangkat ay may parehong pang-unawa. Magtanong, siguraduhing malinaw ang mga bagay sa mismong dokumento ng IEP upang ang lahat ay magkaroon ng parehong pang-unawa.

Ang mga serbisyo at suporta ay magsisimula agad pagkatapos na makumpleto ang IEP, ngunit pagkatapos mong magkaroon ng makatwirang oras upang suriin at isaalang-alang ang mga panukalang ginawa ng pangkat.

Ang kawani ng paaralan ay makikipagtulungan sa iyong anak sa kanilang mga mithiin at layunin. Lahat ng guro ng iyong anak na nasa IEP ay bibigyan ng impormasyon, kabilang ang anumang mga akomodasyon na dapat nilang gamitin sa silid-aralan. Mangongolekta ang mga kawani ng paaralan ng datos sa pag-unlad tungo sa mga layunin.

Makakatanggap ka ng mga ulat sa pag-unlad sa bawat panig, o tulad ng nakasaad sa IEP. Kung ang iyong anak ay hindi umuunlad, dapat magkaroon ng pagpupulong ukol sa IEP upang pag-usapan kung anong mga pagbabago sa IEP ang maaaring kailanganin. Posible na ang iyong anak ay nangangailangan ng higit pa o iba't ibang mga suporta, o ang mga layunin ay kailangang ayusin.



**Ang tungkulin ng (mga) magulang:** Tanungin ang mga kawani ng paaralan kung ano ang maaari mong gawin sa bahay upang matulungan ang iyong anak. Ibahagi ang mga alalahanin at pagdiriwang sa mga guro. Humingi ng pagpupulong kung mayroon kang bagong impormasyon, mga alalahanin o kung ang iyong anak ay hindi umuunlad.

## Taunang Pagsusuri ng IEP

Ang pangkat ng IEP ay dapat magpulong nang hindi bababa sa isang beses bawat taon upang suriin ang pag-unlad ng iyong anak at baguhin ang IEP. Ito ay kinakailangan upang matiyak na ang IEP ay patuloy na nakakatugon sa mga pangangailangan ng iyong anak habang sila ay umuunlad mula sa isang baitang tungo sa kasunod na baitang. Ang mga pagpupulong ukol sa IEP ay maaaring ganapin nang mas madalas kung ang mga magulang o guro ay hihiling ng pagpupulong.

Ang lahat ng dokumentong tatalakayin sa pulong ay iuuwi 5 araw bago ang pagpupulong ukol sa IEP. Kung ang mga dokumento ay hindi naipadala 5 araw bago ang pagpupulong maaari mong hilingin na ipagpaliban hanggang sa magkaroon ka ng pagkakataong suriin ang mga ito. Maaaring ipadala sa bahay ang draft ng IEP. Tandaan na ang draft ng IEP ay panimulang usapan para sa talakayan. Ang mga draft na ipinadala sa bahay ay maaaring baguhin sa panahon ng pagpupulong.

**Ang tungkulin ng (mga) magulang:** Mag-schedule muli kung hindi ka makakadalo sa pagpupulong. Ibahagi ang mga alalahanin at tagumpay sa pangkat. Sabihin ang napapansin mo sa bahay na may kaugnayan sa paaralan o takdang-aralin, atbp. Magbigay ng ambag at gumawa ng mga mungkahi para sa mga pagbabago. Suriin ang lahat ng dokumento na ipinadala sa bahay bago at pagkatapos ng pagpupulong.

Mahalagang suriin mo ang mga dokumentong ipinadala sa bahay, itala ang tungkol sa anumang mga katanungan na mayroon ka. Maging handa na ibahagi kung ano ang gumagana para sa iyong anak sa bahay o sa iba pang mga aktibidad na maaaring makatulong sa iyong anak na maging matagumpay sa paaralan. Maaaring gusto mong ipadala ang iyong mga tanong o rekomendasyon sa tagapangasiwa sa kaso ng iyong anak bago ang pagpupulong upang maging handa ang koponan na tugunan ang mga ito.

Tiyaking ibinabahagi mo ang iyong mga mungkahi para sa mga pagbabago at paglilinaw o isaad ang anumang hindi pagsang-ayon maaaring mayroon ka sa mga huling rekomendasyon na ginawa ng pangkat. Ikaw ay kapantay, at napakahalagang miyembro ng pangkat ng IEP. Mahalaga ang iyong boses at mga tanong sa pangkat at sa proseso.

## Muling Pagsusuri

Hindi bababa sa 3 taon, ang pangkat ng IEP ay dapat magpasya kung ang iyong anak ay karapat-dapat pa rin para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Gusto rin nilang makatiyak na mayroon silang pinakabagong impormasyon tungkol sa mga pangangailangan at kakayahan ng iyong anak. Ang mga magulang at kawani ng paaralan ay maaaring humiling ng pagsusuri nang mas maaga kung mayroong anumang mga alalahanin o kailangan ng bagong impormasyon.

Maaaring magpasya ang pangkat ng IEP na walang karagdagang impormasyon ang kailangan upang kumpirmahin ang patuloy na pagiging karapat-dapat ng iyong anak para sa mga serbisyo o matukoy ang kanilang kasalukuyang mga antas ng pagganap. Maaari ding magpasya ang pangkat na kailangan ang mga karagdagang pagtatasa. Kung gayon, magkikita kayong muli sa loob ng 90 araw pagkatapos ninyong magbigay ng pahintulot na makumpleto ang mga pagtatasa upang talakayin ang mga resulta at baguhin ang IEP, kung kinakailangan.

Dapat na muling suriin ang iyong anak bago maalis mula sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Kung matukoy ng pangkat na walang karagdagang impormasyon ang kailangan upang maalis ang iyong anak, may karapatan kang humiling ng mga pagtatasa bago sila mapaalis.

**Ang tungkulin ng (mga) magulang:** Ibahagi ang anumang bagong impormasyon at alalahanin sa iba pang miyembro ng pangkat. Kumpletuhin at ibalik ang anumang papeles, checklist, atbp. na ipinadala sa bahay bilang bahagi ng muling pagsusuri. Makilahok sa lahat ng pagpupulong. Magbigay ng ambag, magbahagi ng mga alalahanin at opinyon.



# Checklist para sa **mga Magulang**

## Bago ang pagpupulong

- Tumugon sa imbitasyon sa pagpupulong.
- Suriin ang lahat ng dokumentong ipinadala sa bahay.
- Lumikha o i-update ang iyong pananaw para sa iyong anak.
- Isulat ang anumang mga tanong o alalahanin na gusto mong ibahagi sa pagpupulong.
- Ihanda ang iyong ambag bilang magulang (maaari kang magpadala bago ang pagpupulong).
- Humingi ng tagasalin, kung kailangan mo ito.

## Sa panahon ng pagpupulong

- Isaalang-alang ang pagsali ng iyong anak sa pagpupulong anuman ang kanilang edad. Bumubuo ito ng mga kasanayan sa pagtataguyod ng sarili at tinutulungan ang pangkat na mas maunawaan ang iyong anak. Ang mga mag-aaral na edad 14 pataas ay dapat imbitahan sa kanilang mga pagpupulong ukol sa IEP.
- Ibahagi ang iyong pananaw at ambag sa pangkat.
- Magtanong at ibahagi ang iyong mga saloobin.

## Pagkatapos ng pagpupulong

- Suriin ang lahat ng dokumentong ipinadala pagkatapos ng pagpupulong.
- Makipag-ugnayan sa namumuno ng IEP o sa guro ng iyong anak kung hindi ka nakatanggap ng mga dokumento sa loob ng 5 araw o kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa ipinauwing mga dokumento.
- Subaybayan kung kamusta ng iyong anak sa mga gawain sa paaralan at araling-bahay.
- Ibahagi ang anumang alalahanin sa guro ng iyong anak.
- Humingi ng pagpupulong ukol sa IEP kung kinakailangan. Pinakamabuting gawin ito sa pamamagitan ng pagsulat o sa pamamagitan ng email.

# Glosaryo ng **mga Termino**

**Pagtatasa**
Ang mga partikular na pagsusulit na ibinibigay sa lahat ng larangang ipinag-aalala bilang bahagi ng pagsusuri. Tumutulong ang mga ito na matukoy ang kakayahan at pangangailangan ng iyong anak.

**Child Find**
Ang mga aktibidad na iniaatas ng batas na isagawa sa mga estado at lokal na hurisdiksyon upang tukuyin, hanapin, at suriin ang mga batang may kapansanan na nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo.

**Pahintulot**
Nakasulat na pagsang-ayon sa mga iminungkahing aksyon.

**Pagsusuri**
Ang proseso ng pagsusuri ng impormasyon mula sa mga magulang, kasalukuyang datos sa silid-aralan, mga resulta ng pagtatasa, atbp. upang matukoy kung ang bata ay may kapansanan at nangangailangan ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

**FAPE**
Ang bawat bata na tumatanggap ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon ay may karapatan sa Free Appropriate Public Education.

**IDEA**
Ang Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act). Ito ang batas sa espesyal na edukasyon ng bansa.

**IEP**
Ang Individualized Education Program. Ito ang dokumentong nililikha ng pangkat ng IEP. Inilalarawan nito ang mga serbisyo, suporta at espesyal na pagtuturo na ibibigay sa iyong anak. Ang IEP ay nililikha para sa bawat indibidwal na bata batay sa kanilang mga pangangailangan.

**Pangkat ng IEP**
Ang grupo ng mga taong gumagawa ng mga desisyon tungkol sa bata na nangangailangan ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Ang mga magulang ay mahalagang miyembro ng pangkat ng IEP.

**LRE**
Kapaligirang may Pinakamababang antas ng Paghihigpit (Least Restrictive Environment). Kung saan maaaring matugunan ang IEP ng iyong anak. Sa pangkalahatan, ang mga paaralan ay inaatasan na turuan ang mga batang may kapansanan kasama ang mga kapantay nilang walang kapansanan hangga't maaari.

**Magulang**
Ang biyolohikal o umampon na magulang, tagapag-alaga, tumatayong magulang, o kahalili na magulang; hindi kasama sa terminong ito ang Estado kung ang bata ay nasa pangangalaga ng Estado.

**Placement**
Kung saan matatanggap ng iyong anak ang kanilang mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Pinagpapasyahan ang placement pagkatapos maisulat ang mga layunin at serbisyo.



# Mga Timelinei Kaugnay ng **Proseso ng Espesyal na Edukasyon**

| ANO | KAILAN |
|---|---|
| Dapat makatanggap ang magulang ng imbitasyon sa pagpupulong ukol sa IEP | **10 Araw** bago ang pagpupulong ng IEP |
| Ang mga magulang ay dapat tumanggap ng mga dokumento na susuriin sa pagpupulong ukol sa IEP | **5 Araw ng negosyo** bago ang pagpupulong ng IEP |
| Ang mga magulang ay dapat makatanggap ng natapos na IEP o, kung hindi natapos, kopya ng draft ng IEP | **5 Araw ng negosyo** pagkatapos ng pagpupulong ng IEP |
| Ang isang pagpupulong ay dapat ganapin upang talakayin ang mga pagsusuri upang matukoy ang pagiging karapat-dapat | **Sa loob ng 60 araw** pagkatapos mong magbigay ng nakasulat na pahintulot |
| Ang IEP ay dapat na mabuo pagkatapos mapatunayan na ang iyong anak ay karapat-dapat | **Sa loob ng 30 araw** pagkatapos mapatunayang karapat-dapat ang iyong anak para sa espesyal na edukasyon |
| Dapat kaagad na ipatupad ang IEP | **Sa lalong madaling panahon** |
| Dapat maiulat ang pag-unlad | **Nang hindi bababa sa Quarterly** at gaya ng nakasaad sa IEP ng iyong anak |
| Dapat suriin at i-update ang IEP (Pagpupulong para sa Taunang Pagsusuri) | Hindi bababa sa **minsan sa isang taon** |
| Dapat isaalang-alang ng pangkat ng IEP ang pangangailangan para sa muling pagsusuri | Hindi bababa **sa 3 taon**, maliban kung ang pangkat ay nagpasya na walang kinakailangang bagong impormasyon |
| Dapat suriin ang mga resulta ng muling pagsusuri, at baguhin ang IEP kung kinakailangan | **Sa loob ng 90 araw** pagkatapos mong magbigay ng nakasulat na pahintulot para sa mga pagtatasa |
| Ang sistema ng paaralan ay dapat tumugon sa kahilingan para sa isang Independent Educational Evaluation (IEE) | **30 araw** pagkatapos matanggap ang kahilingan |

# Paano kung May mga Tanong ako o **Kailangan ko ng Tulong?**

## MGA COORDINATOR NG MGA SERBISYONG PANSUPORTA SA LOKAL NA PAMILYA

| MGA AHENSYA NG LOKAL NA EDUKASYON | KAPANGANAKAN HANGGANG EDAD 5 | EDAD 5 HANGGANG 21 |
|---|---|---|
| Allegany | 240-920-6829 | 240-920-6829 |
| Anne Arundel | 410-562-6303 | 410-424-3258 |
| Baltimore City | 410-396-1666 | 443-642-3848 |
| Baltimore County | 443-809-9696 | 443-809-5443 |
| Calvert | 443-550-8406 | 443-550-8375 |
| Caroline | 410-479-3609 | 410-479-3609 |
| Carroll | 410-751-3955 | 410-751-3955 |
| Cecil | 410-996-5637 | 410-996-5637 |
| Charles | 301-934-7456 | 301-934-7456 |
| Dorchester | 410-901-6915 | 410-901-6915 |
| Frederick | 240-578-1244 | 240-236-8744 |
| Garrett | 301-533-0240, x2 | 301-914-1351 |
| Harford | 410-273-5579 | 410-273-5579 |
| Howard | 410-313-7161 | 410-313-7161 |
| Kent | 410-778-5708 | 410-778-5708 |
| Montgomery | 240-777-4809 | 240-753-9487 |
| Prince George’s | 240-521-5054 | 301-431-5675 |
| Queen Anne’s | 410-556-6103, x10 | 410-758-2403, x135 |
| Somerset | 410-651-1616, x11385 | 410-651-1616, x11385 |
| St. Mary’s | 301-475-5511, x32218 | 240-309-4113 |
| Talbot | 410-822-0330 | 410-822-0330 |
| Washington | 301-766-8221 | 301-766-8221 |
| Wicomico | 410-677-5250 | 410-677-5250 |
| Worcester | 410-632-5234 | 410-632-5234 |
| Maryland School for the Blind | 410-444-5000, x1489 | |
| Maryland School for the Deaf | 443-277-8899 | |
| Maryland State Department of Education | 410-767-0255 | |

**MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION**

**Mohammed Choudhury**
State Superintendent of Schools

**Dr. Deann Collins**
Kinatawang Superintendente para sa Tanggapan ng Pagtuturo at Pag-aaral (Deputy Superintendent for Office of Teaching and Learning)

**Clarence C. Crawford**
Pangulo, Lupon ng Edukasyon sa Estado ng Maryland (President, Maryland State Board of Education)

**Wes Moore**
Gobernador

© 2023 Maryland State Department of Education
Ang publikasyong ito ay binuo ng Maryland State Department of Education, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon (Division of Early Intervention and Special Education Services) na may mga pondo mula sa U.S. Department of Education, Grant #H393A090124A, Special Education-Grants for Infants and Families "Recovery Funds" sa ilalim ng PL 105-17/111-5 Individuals with Disabilities Education Act/American Recovery and Reinvestment Act. Ang Maryland State Department of Education, Division of Early Intervention and Special Education Services ang namumunong ahensya para sa Maryland Infants and Toddlers Program, ang programa ng mga serbisyo at suporta sa buong estado na inaayos ng mga ahensya at organisasyon ng Estado at lokal. Ang mga gumagamit na kumukopya o nagbabahagi ng impormasyong nakapaloob sa publikasyong ito ay dapat magbigay ng karangalan sa Maryland State Department of Education, Division of Early Intervention and Special Education Services, Dr. Deann Collins, Kinatawang Superintendente para sa Tanggapan ng Pagtuturo at Pagkatuto (Deputy Superintendent for Office of Teaching and Learning).




MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION

EQUITY AND EXCELLENCE

410-767-0100

www.marylandpublicschools.org

200 West Baltimore Street
Baltimore, MD 21201-2595